


Ang Typika at Panalangin sa Ikasiyam na Oras

Salin sa Filipino



Russian Orthodox Mission Society
of st. Serapion Kozheozersky
Moscow, 2015

Ang “NINTH HOUR” ay madalas basahin araw-araw bago ang panalangin sa gabi habang ang “TYPIKA” naman ay madalas namang kinakanta sa panahon ng Banal na Liturhiya sa Kwaresma, babasahin itong lahat bago simulan ang “Liturhiya ng Naialay”. Ang babasahing ito ay sadyang ginawa upang gamitin sa mga pagkakataong walang pari, maaari rin itong basahin ng isang ordinaryong mananampalataya sa kanyang bahay kapag hindi siya makakadalo sa pagtitpon ng Simbahan.

TANDAAN NA ANG PANALANGIN NA ITO AY HINDI KAHALILI NG
BANAL NA LITURHIYA AT ANG ISANG KRISTIYANONG
ORTHODOX AY NARARAPAT NA MAGLAAN NG PANAHO
UPANG DUMALO SA BANAL NA LITURHIYA AT TANGGAPIN ANG
MISTERYO NG BANAL NA KOMUNYON

Isinalin sa Filipino ni Alphaeus Sucayre

N.B. Hindi kasali sa salin na ito ang mga APOLYTIKION

TYPIKA

Pinuno: Sa ngalan ng + Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo.

Koro: Amen.

Pinuno: O Makalangit na Hari at Taga-aliw, ang Espiritu ng katotohanan, ikaw ay naroon sa lahat ng dako at nagpupuno sa lahat ng bagay, pinagmulan ng lahat ng mabubuting bagay at nagbibigay-buhay, pumarito ka at tumirang kasama namin, linisin mo kami sa lahat ng dungis at iligtas Mo po ang aming mga kaluluwa, O ikaw na likas na mabuti.

Koro: Banal na + Diyos, Banal na Puspos ng Kapangyarihan, Banal na Walang Hanggan, maawa ka sa amin. (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Santisima Trinidad, maawa ka sa amin, Oh Panginoon, linisin Mo kami sa aming mga kasalanan, O Panginoon, patawarin mo kami sa aming mga kalabisan, Oh Banal na Panginoon, bisitahin Mo po at pagalingin ang aming mga kahinaan, alang-alang sa iyong pangalan.

Panginoon maawa ka (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Ama namin sumasalangit ka, Sambahin ang pangalan mo. Mapasaamin ang kaharian mo. Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw; At patawarin mo kami sa aming mga sala, Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin; At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso, At iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

Panginoon maawa ka (12X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Pinuno: +Halika, yumuko tayo at sambahin natin ang ating Hari at Diyos.

+Halika, yumuko tayo at sambahin natin si Kristo na ating Hari at Diyos.

+Halika, yumuko tayo at sambahin natin ang tunay na Kristo ang ating Hari at Diyos.

{Salmo 83 [84]}

Koro: Kay iinam ng iyong mga tabernakulo, Oh Panginoon ng mga hukbo! Ang kaluluwa ko'y aasam-asam, oo, nanglulupaypay sa mga looban ng Panginoon; ang puso ko't laman ay dumadaing sa buhay na Dios. Oo, ang maya ay nakasumpung ng bahay, at ang langaylangayan ay nagpugad para sa kaniya, na mapaglalapagan niya ng kaniyang inakay, sa makatuwid baga'y iyong mga dambana, Oh Panginoon ng mga hukbo, Hari ko, at Dios ko. Mapalad silang nagsisitahan sa iyong bahay: kanilang pupurihin kang palagi. Mapalad ang tao na ang kalakasan ay nasa iyo; na may mga daan sa kaniyang puso na tungo sa Sion. Na nagdaraan sa libis ng iyak na ginagawa nilang dako ng mga bukal; Oo, tinatakpan ng pagpapala ng maagang ulan. Sila'y nagsisiyaon sa kalakasa't kalakasan, bawa't isa sa kanila ay napakikita sa harap ng Dios sa Sion. Oh Panginoong Dios ng mga hukbo, dinggin mo ang aking dalangin: pakinggan mo, Oh Dios ni Jacob. Masdan mo, Oh Dios na aming kalasag, at tingnan mo ang mukha ng iyong pinahiran ng langis. Sapagka't isang araw sa iyong mga looban ay mabuti kay sa isang libo. Aking minagaling na maging tagatanod-pinto sa bahay ng aking Dios, kay sa tumahan sa mga tolda ng kasamaan. Sapagka't ang Panginoong Dios ay araw at kalasag: ang Panginoo'y magbibigay ng biyaya at kaluwalhatian: hindi siya magkakait ng anomang mabuting bagay sa nagsisilakad ng matuwid. Oh Panginoon ng mga hukbo, mapalad ang tao na tumitiwala sa iyo.

{Salmo 84 [85]}

Pinuno: Panginoon, ikaw ay naging lingap sa iyong lupain: iyong ibinalik ang nangabihag ng Jacob. Iyong pinatawad ang kasamaan ng iyong bayan, iyong tinakpan ang lahat nilang kasalanan, Iyong pinawi ang buong poot mo: iyong tinalikdan ang kabangisan ng iyong galit. Ibalik mo kami, Oh Dios ng aming kaligtasan, at papaglikatin mo ang iyong galit sa amin. Magagalit ka ba sa amin magpakailan man? Iyo bang ipagpapatuloy ang iyong galit sa lahat ng sali't saling lahi? Hindi mo ba kami bubuhayin uli: upang ang iyong bayan ay magalak sa iyo? Ipakita mo sa amin ang iyong kagandahang-loob, Oh Panginoon, at ipagkaloob mo sa amin ang iyong pagliligtas. Aking pakikinggan kung ano ang sasalitain ng Dios na Panginoon: sapagka't siya'y magsasalita ng kapayapaan sa kaniyang bayan at sa kaniyang mga banal: nguni't huwag silang manumbalik uli sa kaululan. Tunay na ang kaniyang pagliligtas ay malapit sa kanila na nangatatatakot sa kaniya; upang ang kaluwalhatian ay tumahan sa aming lupain. Kaawaan at katotohanan ay nagsalubong; katuwiran at kapayapaan ay naghalikan. Katotohanan ay bumubukal sa lupa; at ang katuwiran ay tumungo mula sa langit. Oo, ibibigay ng Panginoon ang mabuti; at ang ating lupain ay maguunlad ng kaniyang bunga. Katuwira'y mangunguna sa kaniya; at gagawing daan ang kaniyang mga bakas.

{Salmo 85 [86]}

Koro: Ikiling mo ang iyong pakinig, Oh Panginoon, at sagutin mo ako; sapagka't ako'y dukha at mapagkailangan. Ingatan mo ang aking kaluluwa; sapagka't ako'y banal: Oh ikaw na Dios ko, iligtas mo ang iyong lingkod na tumitiwala sa iyo. Maawa ka sa akin, Oh Panginoon, sapagka't sa iyo'y dumadaing ako buong araw. Bigyan mong galak ang kaluluwa ng iyong lingkod; sapagka't sa iyo, Oh Panginoon, itinataas ko ang aking

kaluluwa. Sapagka't ikaw, Panginoon, ay mabuti, at mapag-patawad, at sagana sa kagandahang-loob sa lahat na tuma-tawag sa iyo. Dinggin mo, Oh Panginoon, ang aking dalangin; at pakinggan mo ang tinig ng aking mga pananaing. Sa kaarawan ng aking kabagabagan ay tatawag ako sa iyo; sapagka't iyong sasagutin ako. Walang gaya mo sa gitna ng mga dios, Oh Panginoon; wala mang mga gawang gaya ng iyong mga gawa. Lahat ng mga bansa na iyong nilalang ay magsisiparito, at magsisisamba sa harap mo, Oh Panginoon; at kanilang luluwalhatiin ang iyong pangalan. Sapagka't ikaw ay dakila, at gumagawa ng kagilagilalas na mga bagay: ikaw na magisa ang Dios. Ituro mo sa akin ang iyong daan, Oh Panginoon; lalakad ako sa iyong katotohanan: ilakip mo ang aking puso sa pagkatakot sa iyong pangalan. Pupurihin kita, Oh Panginoon kong Dios ng aking buong puso; at luluwalhatiin ko ang iyong pangalan magpakailan man. Sapagka't dakila ang iyong kagandahang-loob sa akin; at iyong iniligtas ang aking kaluluwa sa pinakamalalim na Sheol. Oh Dios, ang palalo ay bumangon laban sa akin, at ang kapisanan ng mga marahas na tao ay umusig ng aking kaluluwa, at hindi inilagay ka sa harap nila. Nguni't ikaw, Oh Panginoon, ay Dios na puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob at katotohanan. Oh bumalik ka sa akin, at maawa ka sa akin; ibigay mo ang lakas mo sa iyong lingkod. At iligtas mo ang anak ng iyong lingkod na babae. Pagpakitaan mo ako ng tanda sa ikabubuti: upang mangakita nilang nangagtatanim sa akin, at mangapahiya, sapagka't ikaw, Panginoon, ay tumulong sa akin, at umaliw sa akin.

Pinuno: Pagpakitaan mo ako ng tanda sa ikabubuti: upang mangakita nilang nangagtatanim sa akin, at mangapahiya, sapagka't ikaw, Panginoon, ay tumulong sa akin, at umaliw sa akin.

Koro: Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Aleluya, aleluya, aleluya. Purihin Ka, O Diyos (3X)

Panginoon maawa ka (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Pinuno: Oh Panginoon naming Dios, na isinilang ng birhen at nagpakasakit sa krus dahil sa amin, nilupig mo ang kamatayan sa pamamagitan ng Iyong kamatayan, at pinatunayan Mong Ikaw ay Dios sa pamamagitan ng muli Mong pagkabuhay; huwag Mo po kaming pabayaan na mga nilikha ng Iyong sariling mga kamay. Ipakita Mo sa amin ang Iyong pag-ibig, Oh Ikaw na maawain. Tanggapin Mo po ang mga panalangin ng Theotokos na siyang nagsilang sa Iyo, Oh aming tagapagligtas, iligtas Mo po ang Iyong bayan na nawalan ng pag-asa, alang-alang sa Iyong Banal na Pangalan, huwag Mo po kaming pabayaan at alalahanin Mo po ang Iyong mga pangako, huwag Mo pong ilayo sa amin ang Iyong awa, alang-alang kay Abraham na Iyong minamahal, kay Isaac na iyong lingkod, at sa Israel na Iyong pinili.

Koro: Banal na + Diyos, Banal na Puspos ng Kapangyarihan, Banal na Walang Hanggan, maawa ka sa amin. (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Santisima Trinidad, maawa ka sa amin, Oh Panginoon, linisin Mo kami sa aming mga kasalanan, O Panginoon, patawarin mo kami sa aming mga kalabisan, Oh Banal na Panginoon, bisitahin Mo po at pagalingin ang aming mga kahinaan, alang-alang sa iyong pangalan.

Panginoon maawa ka (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Ama namin sumasalangit ka, Sambahin ang pangalan mo. Mapasaamin ang kaharian mo. Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw; At patawarin mo kami sa aming mga

sala, Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin; At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso, At iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

Pinuno: Ang Magnanakaw ng makita niya ang prinsipeng buhay na nakasabit sa krus ay nagwika: Kung hindi ang Dios na nagkatawang-tao itong ipinako kasama natin, ay hindi sana itatago nga araw ang kanyang liwanag at hindi rin sana lumindol ang lupa, subalit ikaw ang Siyang may-ari ng lahat ng bagay, alalaanin Mo ako Oh Panginoon sa Iyong kaharian.

Koro: Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Pinuno: Sa gitna ng dalawang magnanakaw, ang iyong krus ay nagiging hukuman ng katarungan, ang isa ay hinatulang mapunta sa impierno dahil sa paglalapastangan, subalit ang isa naman ng maliwanagan sa kasalanang kanyang nagawa ay itinaas sa kaalaman ng mga bagay ng Diyos. Kristong Diyos, purihin Ka.

Koro: Ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Pinuno: Nakatitig sa Kordero, Pastol at Tagapagligtas ng daigdig sa ibabaw ng krus, siya na nagdadalanta sa kanya ay umiiyak na nagwika: Ang daigdig ay nagdiwang dahil sa pagdating ng kaligtasan, subalit sa aking kaibuturan ay waring nasusunog habang nakatingin sa kanyang pagpapakasakit na kanyang tinanggap alang-alang sa kaligtasan ng lahat, Oh aking Anak at aking Dios.

Koro: Panginoon maawa ka (40X)

Pinuno: O Kristo aming Diyos, sinasamba ka at niluluwalhati sa lahat ng panahon at oras, ikaw ay nagpapakasakit alang-alang sa amin, puno ka nang awa, iniibig mo ang mga matuwid at naaawa ka sa mga makasalanan, tinawag Mo ang lahat upang maligtas sa pamamagitan ng Iyong biyaya. Tanggapin Mo po, Oh Panginoon, ang aming mga panalangin sa oras na ito, at akayin Mo po ang aming mga buhay upang tumalima sa Iyong kautusan. Pakabanalin Mo po ang aming mga kaluluwa,

linisin Mo po ang aming mga katawan, gawin Mo pong tama ang aming mga pag-iisip at mga salita at iadya Mo po kami mula sa mga panganib, poot at pighati. Pasamahan Mo po kami ng Iyong mga anghel upang sa pamamagitan ng kanilang pag-akay, ay marating namin ang kaisahan sa pananampalataya at kaalaman sa Iyong hindi mapaliwanag na kaluwalhatian, sapagkat kapuri-puri ka ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan.

Koro: Amen.

Panginoon maawa ka (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Higit ang iyong karangalan kaysa Kerubin at mas maluwalhati kaysa mga Serapin. Walang bahid-dungis na isinilang mo ang Diyos na Salita. O Theotokos pinagpipitaganan ka namin.

{Salmo 102 [103]}

Pinuno: Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko: at lahat na nangasa loob ko ay magsisipuri sa kaniyang banal na pangalan. Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko, at huwag mong kalimutan ang lahat niyang mabubuting gawa. Na siyang nagpapatawad ng iyong lahat na mga kasamaan; na siyang nagpapagaling ng iyong lahat na mga sakit; Na siyang tumutubos ng iyong buhay sa pagkapahamak: na siyang nagpuputong sa iyo ng kagandahang-loob at malumanay na mga kaawaan: Na siyang bumubusog sa iyong bibig ng mabuting bagay; Na anopa't ang iyong kabataan ay nababagong parang agila. Ang Panginoon ay nagsasagawa ng mga matuwid na gawa, at ng mga kahatulan na ukol sa lahat na naaapi. Kaniyang ipinabatid ang kaniyang mga daan kay Moises, ang kaniyang mga gawa sa mga anak ni Israel. Ang Panginoon ay puspos ng kahabagan at mapagbiyaya, banayad

sa pagkagalit at sagana sa kagandahang-loob. Hindi siya makikipagkaalit na palagi; ni kaniya mang tataglayin ang kaniyang galit magpakailan man. Siya'y hindi gumawa sa atin ng ayon sa ating mga kasalanan, ni gumanti man sa atin ng ayon sa ating mga kasamaan. Sapagka't kung paanong ang mga langit ay mataas kay sa lupa, gayon kalaki ang kaniyang kagandahang-loob sa kanila na nangatatatakot sa kaniya. Kung gaano ang layo ng silanganan sa kalunuran, gayon inilayo niya ang mga pagsalangsang natin sa atin. Kung paanong ang ama ay naaawa sa kaniyang mga anak, gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatatakot sa kaniya. Sapagka't nalalaman niya ang ating anyo; kaniyang inaalaala na tayo'y alabok. Tungkol sa tao, ang kaniyang mga kaarawan ay parang damo: kung paanong namumukadkad ang bulaklak sa parang ay gayon siya. Sapagka't dinadaan ng hangin, at napaparam; at ang dako niyaon ay hindi na malalaman. Nguni't ang kagandahang-loob ng Panginoon ay mula ng walang pasimula hanggang sa walang hanggan sa nangatatatakot sa kaniya, at ang kaniyang katuwiran ay hanggang sa mga anak ng mga anak; Sa gayong nagiingat ng kaniyang tipan, at sa nagsisialaala ng kaniyang mga utos upang gawin, Itinatag ng Panginoon ang kaniyang luklukan sa mga langit; at ang kaniyang kaharian ay nagpupuno sa lahat. Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong mga anghel niya: ninyong makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kaniyang salita, na nakikinig sa tinig ng kaniyang salita. Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na hukbo niya; ninyong mga ministro niya, na nagsisigawa ng kaniyang kasayahan. Purihin ninyo ang Panginoon, ninyong lahat na mga gawa niya, sa lahat na dako na kaniyang sakop; purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko.

Koro: Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

{Salmo 145 [146]}

Pinuno: Purihin ninyo ang Panginoon. Purihin mo ang Panginoon, Oh kaluluwa ko. Samantalang ako'y nabubuhay ay pupurihin ko ang Panginoon: ako'y aawit ng mga pagpuri sa aking Dios, samantalang ako'y may buhay. Huwag ninyong ilagak ang inyong tiwala sa mga pangulo, ni sa anak man ng tao, na walang pagsaklolo. Ang hininga niya ay pumapanaw, siya'y nanunumbalik sa kaniyang pagkalupa; sa araw ding yaon ay mawawala ang kaniyang pagiisip. Maginhawa ang may pinaka saklolo sa Dios ni Jacob, na ang pagasa ay nasa Panginoon niyang Dios: Na gumawa ng langit at lupa, ng dagat, at ng lahat na nandoon; na nagiingat ng katotohanan magpakailan man: Na nagsasagawa ng kahatulan sa napipighati; na nagbibigay ng pagkain sa gutom: pinawawalan ng Panginoon ang mga bilanggo; Idinidilat ng Panginoon ang mga mata ng bulag; ibinabangon ng Panginoon ang mga nasusubasob; iniibig ng Panginoon ang matuwid; Iniingatan ng Panginoon ang mga taga ibang lupa; kaniyang inaalalayan ang ulila at babaing bao; nguni't ang lakad ng masama ay kaniyang ibinabaligtad. Maghahari ang Panginoon magpakailan man. Ang iyong Dios, Oh Sion, sa lahat ng sali't saling lahi. Purihin ninyo ang Panginoon.

Koro: Ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Bugtong na Anak at Salita ng Diyos, bagamat Walang Kamatayan nagpakababa para sa aming kaligtasan, nagkatawang tao sa pamamagitan ng Theotokos, at Laging-birhen Maria, walang pagbabago nang nagiging Tao. Ipinako ka Kristo naming Diyos subalit nilupig Mo ang kamatayan ng iyong kamatayan. Kaisa ng Banal na Trinidad niluluwalhati kasama ng Ama at ng Espiritu Santo, iligtas mo po kami.

ANG MGA MAPAPALAD

Sa Iyong Kaharian alalahanin mo kami, O Panginoon, isama mo kami sa Iyong Kaharian.

Mapalad ang mga aba na wala ng inaasahan kundi ang Diyos, sapagkat makakasama sila sa Kanyang kaharian.

Mapalad ang mga nahahapis, sapagkat aaliwin sila ng Diyos.

Mapalad ang mga mapagkumbaba, sapagkat tatamuhin nila ang ipinangako ng Diyos. Mapalad ang mga nagmimithing makatupad sa kalooban ng Diyos, sapagkat ipagkakaloob sa kanila ang kanilang minimithi.

Mapalad kayong mga maawain, sapagkat kakaawaan kayo.

Mapalad kayo na may busilak na puso sapagkat makikita ninyo ang Diyos.

Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ipagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak Niya

Mapalad ang mga pinag-uusig dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos, sapagkat makakasama sila sa kanyang kaharian.

Mapalad ang mga inaalipusta, inuusig at pinararatangan ng mga kamalian dahil sa kanilang pagpapatotoo sa akin.

Magalak kayo at magdiwang sapagkat mas higit ang inyong matatamasa sa Kalangitan.

Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.

Alalahanin Mo po kami, O Panginoon, sa Iyong kaharian.

Alalahanin Mo po kami, O Guro, sa Iyong kaharian.

Alalahanin Mo po kami, O Banal na Diyos, sa Iyong kaharian.

ANG SULAT NG MGA APOSTOL

Tagabasa: Ang pagbasa ayon sa sulat ni _____ sa mga taga-
_____ [o mula sa aklat sa _____]

BASAHIN ANG SULAT NG MGA APOSTOL

[Pagkatapos itong basahin, lahat ay tatayo at kakantahin ang

Prokhimenon ayon sa araw na iyon kasabay ang aleluya]
Koro: Aleluya, Aleluya, Aleluya.

ANG BANAL NA EBANGHELYO

Pinuno: Ang pagbasa ayon sa Banal na Ebanghelyo ni San

Koro: Luwalhati sa Iyo, O Panginoon, luwalhati sa Iyo.

BASAHIN ANG BANAL NA EBANGHELYO

Koro: Luwalhati sa Iyo, O Panginoon, luwalhati sa Iyo.

Pinuno: Inaawitan ka ng mga koro ng kalangitan: Banal, Banal, Banal, Panginoong Diyos ng mga hukbo, napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian Mo.

Koro: Lumapit kayo sa Kanya upang kayo ay mangaliwagan at hindi malugmok sa kahihyan.

Pinuno: Inaawitan ka ng mga koro ng kalangitan: Banal, Banal, Banal, Panginoong Diyos ng mga hukbo, napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian Mo.

Koro: Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Pangulo: Inaawitan ka ng mga koro ng mga Banal na Anghel at Arkanghel ng kalangitan kasabay ng lahat ng mga makalangit na kapangyarian: Banal, Banal, Banal, Panginoong Diyos ng mga hukbo, napupuno ang langit at lupa ng kaluwalhatian Mo.

Koro: Ngayon at magpakailanman at magpasawalanghanggan. Amen.

ANG KREDO

Sumasampalataya ako sa iisang Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa, at ng lahat ng nakikita at hindi nakikita.

Sumasampalataya ako sa iisang Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak ng Diyos, na nagmumula sa Ama bago pa nagkapanahon, Liwanag buhat sa Liwanag, Diyos na totoo

buhat sa Diyos na totoo, Inianak at hindi nilikha, kaisa ng Ama sa pagka-Diyos, at sa pamamagitan Niya ay nilikha ang lahat. Dahil sa ating pawang mga tao at dahil sa ating kaligtasan, siya ay nanaog mula sa kalangitan. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo kay Mariang Birhen at naging tao. Ipinako sa krus dahil sa atin. Nagpakasakit sa hatol ni Poncio Pilato, namatay at inilibing. Muli siyang nabuhay sa ikatlong araw ayon sa Banal na Kasulatan, Umakyat Siya sa langit at lumuklok sa kanan ng Amang Maykapal. Paririto siyang muli na may dakilang kapangyarihan, upang hukuman ang mga buhay at mga patay.

Sumasampalataya ako sa Espiritu Santo, ang Panginoon na nagbibigay-buhay na nagmula sa Ama. Na sinasamba at niluluwalhati kaisa ng Ama at ng Anak. Nagsalita siya sa pamamagitan ng mga propeta. Sumasampalataya ako sa iisang banal na Simbahang Katolika at Apostolika.

At sa iisang binyag sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. At hinihintay ko ang muling pagkabuhay ng nangamatay at ang buhay na walang hanggan. Amen.

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo, ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Panalangin para sa mga buhay

Pinuno: O Panginoong Hesukristo, aming Diyos, sa Iyong walang hanggang awa ikaw ay nakikinig sa mga mapagkumbabang dumulog sa Iyo at nagsusumamo ng buong puso; pakinggan Mo po ang aming mga panalangin na inilalapit sa Iyo ng may kababaang-loob.

Koro: Panginoon maawa Ka.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, ang Iyong Iglesiang Banal, ang Orthodox na Katoliko at Apostoliko; patatagin Mo po ito, dagdagan at bigyan ng kapayapaan at pakaingatang walang magsisipanaig laban sa kanya magpakailanman.

Koro: Panginoon maawa Ka.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, ang aming daking tagapagturo at ama, ang Kanyang Kabanalan Kiril, at ang lahat ng mga Obispong Orthodox; mga Pari at Diyakono at ang lahat ng mga kaparian ng Iyong Iglesia, na Iyong ibinigay upang magpakain sa Iyong mga tupa sa pamamagitan ng Iyong mga Salita; at sa pamamagitan ng kanilang mga panalangin kaawaan Mo po kami at iligtas, kait na kami ay mga makasalanan.

Koro: Panginoon maawa Ka.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon ang lahat ng naglilingkod sa pamahalaan, sa aming sandatahang-lakas, dito sa aming bayan kung saan kami naroon maging ang lahat ng mga lungsod at sa buong bansa; bigyan Mo po ng kapayapaan at turuan Mong magsisimula ang kapayapaan sa aming mga sariling buhay, puno ng kadalisan at kabanalan.

Koro: Panginoon maawa Ka.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, ang aking mga magulang na sina N. at N., ang aking mga kapatid, mga kamag-anak at mga kaibigan, sina N., N. at N. (bigkasin ang mga panagalan ng mga nais ipanalangin); kaawaan Mo po sila, bigyan Mo po ng magandang buhay, kapayapaan, malusog na pangangatawan, dalawin Mo po at patawarin sa kanilang mga pagkakasala; upang palagi nilang luwalhatiin at purihin ang Iyong kabanal-banalang pangalan.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, ang mga naglalakbay maging sa lupa man, sa karagatan o himpapawid; ang mga matatanda at kabataan, ang mga balo at ang mga naulila; ang mga may sakit, ang mga nagdurusa, ang mga nalulungkot, ang mga nasa kaguluhan, ang mga bilanggo, at ang mga mahiirap; Iparating Mo po sa kanila ang Iyong awa, sapagkat sa Iyo nagmumula ang lahat ng mga bagay.

Koro: Panginoon maawa Ka.

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, itong Iyong abang lingkod; pagkalooban Mo po ako ng Iyong mga biyaya, upang

sa pamamagitan ng pag-iingat at sa pananampalataya ay mai-layo mula sa kasamaan at mga pagsubok; upang makapamuhay ng isang maka-diyos at matuwid na buhay, malinis at matino, at palaging maglilingkod sa Iyo; at ng ako ay makakasama sa mga makakapasok sa Kaharian ng Langit.

Koro: Amen.

Panalangin para sa mga Yumao

Pinuno: Alalahanin Mo po, O Panginoon, ang aking mga ninuno, mga kamag-anak at kaibigan na sina N., N. at N. (banggitin ang mga pangalan ng mga yumao) na namatay sa pag-asang mabuhay na maguli sa buhay na walang hanggan, kasama na ang lahat ng mga mga yumao na nagsikap noon na mamuhay sa pananampalataya at kabanalan; patawarin Mo po ang kanilang mga kasalanan sinasadya at hindi sinasadya, sa isip, sa salita at sa gawa. Manahanan nawa sila sa dakong liwanag, ang lugar ng mga gagantimpalaan, ang lugar ng kapahingaan, kung saan walang karamdaman, kalungkutan at walang paghihirap, kung saan nakikita ang iyong mukha na niluluwalhati ng lahat ng mga banal. Bigyan Mo po sila ng bahagi sa Iyong Kaharian, at sa walang hanggan gantimpala, at kasiyahan sa buhay na walang hanggan. Sapagkat Ikaw ang muling pagkabuhay at ang Buhay, at kapahingahan ng mga yumao Mong mga tagapaglingkod, O Kristo na aming Diyos, Pinupuri Ka namin, kasama ng walang pasimulang Ama, at ng Iyo Pinaka-banal, matuwid at nagbibigay-buhay na Espiritu: ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan.

Koro: Amen.

Pinuno: Patawarin Mo po, O Diyos, ang aming mga kasalanan na nagawa, sinasadya man o hindi, sa pamamagitan ng gawa o sa salita, nalalaman at hindi nalalaman, nagawa man sa araw o sa gabi, maging sa isip, sa salita at sa gawa patawarin Mo po kami sa lahat ng mga ito Panginoon, ikaw na pun ong kabutihan at mapagmahal sa sangkatauhan.

Koro: Ama namin sumasalangit ka, Sambahin ang pangalan mo. Mapasaamin ang kaharian mo. Sundin ang loob mo dito sa lupa para nang sa langit. Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw; At patawarin mo kami sa aming mga sala, Para nang pagpapatawad namin sa nagkakasala sa amin; At huwag mo kaming ipahintulot sa tukso, At iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

Pinuno: O Kristo aming Diyos, nagbago ang iyong hitsura sa may bundok, kaya ang mga alagad na nakasaksi sa pangyayaring yaon ay nangangaral sa iyong kaluwalhatian, upang silang makakakita sa iyo na nakapako sa krus, makakaintindi na ang iyong paghihirap ay Iyong kalooban at mangaral sa buong mundo na ikaw ang buhay na larawan ng di-nakikitang Ama.

Koro: Luwalhati sa + Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

Pinuno: O Kristo, kasama ng lahat ng mga banal, bigyan Mo p ong kapahingahan ang lahat ng mga kaluluwa ng mga yumao Mong lingkod, sa dako kung saan walang karamdaman, walang kalungkutan, tahimik, kung saan naroon ang buhay na walang hanggan.

Koro: Ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

Pinuno: O panghabang-buhay na tulong at kanlungan ng mga Kristiyano, walang humpay na nanalangin para sa amin sa tagapaglikha, sa kabila ng aming mga pagkukulang, hinihiling namin na pakinggan Mo po ang aming mga panalangin, kami ay sumasamo sa Iyo, pakinggan Mo po kami at tulungan, O Ina ng Diyos, lumingon ka sa amin, kami ay nananalig sa iyo.

Koro: Panginoon maawa ka (40X)

Purihin ang pangalan ng Panginoon, ngayon at magpakailanman (3X)

Luwalhati sa + Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo, Ngayon at magpakailanman at magpasawalang-hanggan. Amen.

{Salmo 33 [34]}

Pinuno: Aking pupurihin ang Panginoon sa buong panahon: ang pagpuri sa kaniya ay laging sasa aking bibig. Ang aking kaluluwa ay maghahambog sa Panginoon: maririnig ng maamo at masasayahan. Oh dakilain ninyo na kasama ko ang Panginoon, at tayo'y mangagbunyi na magkakasama ng kaniyang pangalan. Aking hinanap ang Panginoon, at sinagot niya ako, at iniligtas niya ako sa lahat ng aking mga katakutan. Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man. Itong abang tao'y dumaing, at dininig siya ng Panginoon. At iniligtas siya sa lahat niyang mga kabagabagan. Ang anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng nangatatakot sa kaniya, at ipinag-sasanggalang sila. Oh inyong tikman at tingnan ninyo na ang Panginoon ay mabuti: mapalad ang tao na nanganganlong sa kaniya. Oh mangatakot kayo sa Panginoon, kayong mga banal niya: sapagka't walang kakulangan sa kanila na nangatatakot sa kaniya. Ang mga batang leon ay kinakapos at nagtitiis ng gutom. Nguni't silang nagsisihanap sa Panginoon ay hindi kukulangin ng anomang mabuting bagay. Magsiparito kayo, kayong mga anak, dinggin ninyo ako: aking tuturuan kayo ng pagkatakot sa Panginoon. Sinong tao ang nagnanasa ng buhay, at umiibig sa maraming kaarawan upang makakita siya ng mabuti? Ingatan mo ang iyong dila mula sa masama. At ang iyong mga labi sa pagsasalita ng karayaan. Lumayo ka sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; hanapin mo ang kapayapaan at habulin mo. Ang mga mata ng Panginoon ay nakatitig sa mga matuwid, at ang kaniyang mga pakinig ay nakabukas sa kanilang daing. Ang mukha ng Panginoon ay laban sa kanila na nagsisigawa ng kasamaan, upang ihiwalay ang alaala sa kanila sa lupa. Ang matuwid ay nagsidaing, at dininig ng Panginoon, at iniligtas sila sa lahat nilang mga kabagabagan. Ang Panginoon ay malapit sa kanila na may bagbag na puso, at inililigtas ang mga may pagsisising diwa.

Marami ang kadalamhatian ng matuwid; nguni't inililigtas ng Panginoon sa lahat. Kaniyang iniingatan ang lahat niyang mga buto: wala isa man sa mga yaon na nababali. Papatayin ng kasamaan ang masama: at silang nangagagalit sa matuwid na tao ay kikilanling may sala. Tinutubos ng Panginoon ang kaluluwa ng kaniyang mga lingkod: at wala sa nagsisipagkanlong sa kaniya ay kikilanling may sala.

{Salmo 144 [145]}

Koro: Ibubunyi kita, Dios ko, Oh Hari; at aking pupurihin ang pangalan mo magpakailan-kailan pa man. Araw-araw ay pupurihin kita; at aking pupurihin ang pangalan mo magpakailan-kailan pa man. Dakila ang Panginoon, at marapat na purihin; at ang kaniyang kadakilaan ay hindi masayod. Ang isang lahi ay pupuri ng iyong mga gawa sa isa. At ipahahayag ang iyong mga makapangyarihang gawa. Sa maluwalhating kamahalan ng iyong karangalan, at sa iyong mga kagilagilalas na mga gawa, magbubulay ako. At ang mga tao ay mangagsasalita ng kapangyarihan ng iyong kakilakilabot na mga gawa; at aking ipahahayag ang iyong kadakilaan. Kanilang sasambitin ang alaala sa iyong dakilang kabutihan, at aawitin nila ang iyong katuwiran. Ang Panginoon ay mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan; banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahangloob. Ang Panginoon ay mabuti sa lahat; at ang kaniyang mga malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa. Lahat mong mga gawa ay mangagpapasalamat sa iyo Oh Panginoon; at pupurihin ka ng iyong mga banal. Sila'y mangagsasalita ng kaluwalhatian ng iyong kaharian, at mangungusap ng iyong kapangyarihan; Upang ipabatid sa mga anak ng mga tao ang kaniyang mga makapangyarihang gawa, at ang kaluwalhatian ng kamahalan ng kaniyang kaharian. Ang kaharian mo'y walang hanggang kaharian, at ang kapangyarihan mo'y sa lahat ng sali't saling lahi. Inaalalayan ng Panginoon ang lahat na nangabubuwal, at itinatayo yaong nangasusubasob. Ang mga

mata ng lahat ay nangaghihintay sa iyo; at iyong ibinigay sa kanila ang kanilang pagkain sa ukol na panahon. Iyong binubuksan ang iyong kamay, at sinasapatan mo ang nasa ng bawa't bagay na may buhay. Ang Panginoon ay matuwid sa lahat niyang daan, at mapagbiyaya sa lahat niyang mga gawa. Ang Panginoon ay malapit sa lahat na nagsisitawag sa kaniya, sa lahat na nagsisitawag sa kaniya sa katotohanan. Kaniyang tutuparin ang nasa nila na nangatatapot sa kaniya; kaniya ring didinggin ang kanilang daing, at ililigtas sila. Iniingatan ng Panginoon ang lahat na nagsisiibig sa kaniya; nguni't lahat ng masama ay lilipulin niya. Ang aking bibig ay magsasalita ng kapurihan ng Panginoon; at purihin ng lahat na laman ang kaniyang banal na pangalan magpakailan-kailan pa man.

Tunay na marapat kang tawaging Pinagpala, Laging - Birhen Theotokos. Kalinis-linisan at pinagpipitaganang Ina ng Diyos. Higit ang iyong karangalan kaysa Kerubin at mas maluwalhati kaysa mga Serapin. Walang bahid-dungis na isinilang mo ang Diyos na Salita. O Theotokos pinagpipitaganan ka namin.

Sa pamamagitan + ng mga panalangin n gaming mga banal na mga Ama, Panginoong Hesukristo aming Diyos, maawa ka sa amin at iligtas Mo po kami. Amen.